

Maaring ipadala ng kompanya ng telepono sa sangay na naniningil ang bayaran sa telepono kung hindi ninyo binayaran ang nayaran, o hindi pa kayo nakipagugnaya sa inyong kompanya ng telepono, o sa CPUC upang maghaon ng sumbong laban sa bayaran.

Ang sangay na naniningil ay isang kompanya na tiyak naniningil ng mga bayaran na matagal nang hindi binayaran. Maaring masira ang inyong “credit rating” kung pinadala ang inyong bayaran sa isa sa kanila.

Maaring idemanda kayo ng sangray na naniningil upang makuha ang bayad sa inyong sahod, o lagyan ng “lien” ang inyong pag-aari, na ang ibig sabihin ay pinababayaran ang sangay na naniningil mula sa kita ninyo kapag ipinabili ninyo ang pag-aari. Maiwasan ninyo ang mga sangay na naniningil kung buwan-buwan ninyo binabayaran ang inyong buong bayaran.



Kung nahihirapan kayo magbayad ng bayaran, humingi kayo sa kompanya ng Telepono ng plano sa pagbabayad. Kung hindi kayo sumang-ayon sa bayaran, kaya ayaw ninyong bayaran ito, ipaliwanag ninyo agad sa kompanya kung bakit sa tingin ninyo ay mali ang mga singil. Sisyasatin ng kompanya ang inyong “account” kung sumasang-ayon sila sa inyong sumbong.

Kailan ipadadala ng kompanya ng telepono sa mga naniningil ang aking bayaran?

Kadalasan kung hindi ninyo nabayaran ang bayaran sa telepono, puputulin muna ang ilan o lahat ng inyong serbisyo bago nila ipapadala ang inyong bayaran sa sangay na naniningil. Hindi maaring ipadala ng mga kompanya ng telepono sa California sa sangay na naniningil ang isang bayaran habang sinisiyasat nila ang anumang sumbong ninyo. Maaring ipadala ng kompanya ang inyong bayaran sa isang sangay na naniningil kung sabihin nila na sa tingin nila ay may utang nga kayo sa kanila, maliban kung magharap kayo ng sumbong sa CPUC.

Sa loob ng limang araw na pinakipag-alam sa inyo tungkol sa bayaran na di binayaran, ang sangay na naniningil ay dapat sabihin sa inyo:


- Magkano ang utang ninyo
- Kanino kayo may utang
- Paano kayo maghain ng sumbong laban sa bayaran
- Pangalan, tirahan, at numero ng sangay na naniningil
- Ang petsa noong binalitan kayo.

Ano ang maari king gawin pagkatanggap ko ng sulat ng sangay na naniningil?

- 1)** Ipadala na matuwid ang bayad sa sangay na naniningil. Kung hindi ninyo kaya bayaran ang buong bayaran, maari din ninyo pag-usapan ang isang plano ng pagbabayad. Huwag tumawag o magbayad sa kompanya ng telepono.
- 2)** Maghain na matuwid ng sumbong tungkol sa bayaran sa sangay na naniningil. Maari kayo maghain ng sumbong sa CPUC tungkol sa bayaran kung hindi kayo nasiyahan sa pagsiyasat ng sangay. Kailangan magsiyasat ang sangay na naniningil tungkol sa inyong mga reklamo oras na malaman nila na naghain kayo ng sumbong tungkol sa mga singil. Bago matapos ang pagsiyasat nila ng inyong mga reklamo hindi maaring singilin nila ang utang.
- 3)** Huwag bayaran ang utang. Kung ayaw ninyo bayaran ang utang, at nais ninyong tumigil ang pagtawag sa inyo ng sangay, sulatan ninyo sila at sabihin na huwag kayong tawagan. Pagkatapos ay minsan pang tawagan kayo ng sangay upang sabihin kung ano pa ang gagawin laban sa inyo.

Tandaan na isulat lahat ng mga pinag-usapan ninyo at ng sangay, gumawa ng mga kopya ng lahat na bagay na ipinadala sa sangay, at oras na nagbayad na kayo ng bayaran, humingi kayo sa sangay ng patunayan nito (baka kailangan ito upang liwanagin ang inyong “credit rating”).

**ANG DAPAT
GAWIN KUNG
ANG PINADALA
ANG BAYARAN
SA TELONO SA
SANGAY NA
NANINGIL.**



www.calphoneinfo.com
1 (800) 649 7570 – "Hotline" ng CPUC

PARA SA KARAGDAGAN IMPORMASYON PUMUNTA SA:

www.cpuc.ca.gov
www.fcc.gov
www.ftc.gov

Kid Keypad © 2006 Charles Boyce • CompuToon Characters



Ako'y si "Keypad Kid" na naghahatid sa inyo ng "Plain Talk Series" tungkol sa impormasyon sa telepono!

Para sa karagdagang impormasyon, tignan ang aming "website": www.calphoneinfo.com

Kung meron kayong di malutas na pagtatalo sa inyong kompanya ng telepono, maghain ng reklamo sa www.calphoneinfo.com o tumawag sa hotline ng CPUC sa 1(800) 649-7570

Collection Agencies



**Mga Sangay na
Naniningil
Ang Dapat
Gawin**



Plain Talk Series

Tinatangkilik ng "California Public Utilities Commission" katulong ang mga kompanya ng telepono at mga organisasyong pang-komunidad.

www.calphoneinfo.com

Tagalog, Feb. 2008